Pangalan: Haron Abdullah Manaog
Paksa ng Khutbah: “Ang Relihiyong Tanggap kay Allah ay Islam”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
February 2, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِل فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”***
(Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid at mga magulang, isang napakalaking sunog na sumiklab sa Los Angeles sa US America na naganap noong January 2025. Isang “wild fire” na tumupok sa malalawak na bahagi ng nasabing lungsod. Sa kabila ng matinding pinsala na dulot ng malawakang sunog, isang partikular na pahayag ang tumatak sa isipan ng marami na kumalat sa social media. Isang pahayag ng paghamak sa Tagapaglikha sa ginanap na Golden Globes Award 2025 na sinabing “Ang Diyos na lumikha ng kalawakan (na si Allah) ay hindi kinikilala sa lugar na iyon” – “zero mention”. Hinamak nila ang Panginoong Tagapaglikha habang binabanggit na ang lungsod nila ay “godless town”, sila ay nagtatawanan at kinukutya ang Dakilang Panginoon na lumikha sa kanila. Ipinagmamalaki nila na ang kanilang lungsod ay isang lugar na walang kinikilalang Diyos.

Ang pahayag na ito ay isang pagpapakita ng hindi pagpapahalaga sa Diyos na Tagapaglikha na si Allah. Sa kabila ng lahat, ipinakita sa atin ng sunog na ito ang isang mahalagang aral. Ang Diyos na si Allah ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay at walang sinuman ang makakaligtas sa Kanyang poot. Ang pagkakakilanlan ng isang komunidad o isang tao ay hindi nasusukat sa kanilang mga pahayag o pamumuhay sa materyal na Mundo, kundi sa kanilang pananampalataya at pagsunod kay Allah.

Nawa’y magsilbing paalala sa atin ang kaganapang ito. Huwag tayong magmataas at huwag ipagwalang-bahala ang ating pananampalataya kay Allah, sapagkat ang Kanyang galit at kapangyarihan ay naroroon sa bawat kaganapan. Kailangan nating magbalik-loob at magpatuloy sa pagiging matatag sa ating Relihiyon — ang Relihiyong Tanggap kay Allah, ang Islam.

Mga kapatid at mga magulang sa pananampalatayang Islam, tunay nga na ang ating pamumuhay dito sa Mundo ay puno ng mga pagsubok at hamon. Araw-araw tayong nagmamadali sa ating mga trabaho, negosyo, at personal na gawain, ngunit gaano nga ba kadalas nating naaalala ang tunay na layunin ng ating pamamalagi sa Mundo? Sa bawat hakbang na ating ginagawa, naiisip ba natin kung paano ito maghahatid sa atin patungo sa kasiyahan ng ating Rabb, na si Allah Subhanahu Wa Ta’ala? Gaano kadalas nating naiisip ang Yawmul Qiyamah, ang Araw ng Paghuhukom, na siyang huling hantungan ng ating mga gawa? Ito ay paalala para sa atin na ang buhay na ito ay pansamantala lamang at ang tunay na tagumpay ay ang makamtan ang kaligayahan sa Paraiso ng ating Rabb.

Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ إِنَّ الدِّينَ عِندَ اللَّهِ الْإِسْلَامُ ﴾ آل عمران: 19

***“Katotohanan, ang tanging Relihiyong (tanggap) kay Allah ay Islam***.” (Alo-‘Imran: 19)

Ang Islam ang tanging Relihiyon na itinakda ni Allah bilang gabay ng sangkatauhan. Ito ang Relihiyon ng pagsuko, pagkilala, at pagsunod sa Kanya, at ito rin ang landas na nagdadala sa tao patungo sa tunay na kaligtasan. Ngunit, mga kapatid, natanong na ba natin ang ating mga sarili: “Tayo ba’y namumuhay ayon sa diwa ng Islam? Nagkakaroon ba ng kabuluhan ang ating mga kilos sa pamamagitan ng pagsunod kay Allah?”

Hindi sapat na tayo ay ipinanganak sa pamilya ng mga Muslim o tayo ay kinikilala bilang Muslim. Ang mahalaga ay ang ating pagsuko sa Kanya sa bawat aspeto ng ating buhay – sa ating paniniwala, pananalita, at gawa. Sa pamamagitan ng pagsunod sa Qur-an at Sunnah, tayo ay magiging karapat-dapat sa Kanyang Habag at Awa.

Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"وَإِنَّ أُمَّتِي سَتَفْتَرِقُ عَلَى ثِنْتَيْنِ وَسَبْعِينَ فِرْقَةً كُلُّهَا فِي النَّارِ إِلاَّ وَاحِدَةً وَهِيَ الْجَمَاعَةُ."
( رواه ابن ماجه)

*"Tunay na ang aking Ummah ay mahahati sa pitumpu't tatlong sekta. Isa lamang ang maliligtas at iyon ang Jama'ah."* (Inulat ni Ibn Majah)

Ang landas ng Ahlus-Sunnah wal-Jama'ah ang siyang itinuro ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam). Ito ang landas ng mga sumusunod sa Qur-an at Sunnah, na may ganap na pagsunod sa tamang pagkaunawa ng mga Sahabah (radiyallahu 'anhum) at ng mga pinalad na salin-lahing sumunod sa kanila. Ang pagiging bahagi ng Ahlus-Sunnah wal-Jama'ah ay hindi lamang sa pangalan, ito ay pagsasagawa ng tamang pagsamba, tamang paniniwala, at tamang pamumuhay.

Tayo ay inatasan ni Allah na maging matatag sa Kanyang Relihiyon, na sundin ang Kanyang mga kautusan, at iwasan ang Kanyang mga ipinagbabawal. Subalit, paano natin maipapakita ang ating pagiging tapat sa Islam? Ang sagot ay nasa ating patuloy na pagsisikap na mapalapit kay Allah anuman ang kalagayan ng ating buhay. Dapat nating pagsikapan ang "Ikhlas" (sinseridad) sa bawat gawa, sapagkat ang lahat ng ating gawain ay sinusukat ayon sa ating "Niyah" (layunin ng puso). Sa bawat hakbang na ating ginagawa, itanong natin sa ating sarili: Ito ba ay para kay Allah? Kung ang ating layunin ay upang makamit ang kasiyahan ng ating Rabb, ang bawat hamon sa buhay ay magiging magaan dahil alam nating ito ay bahagi ng ating pagsubok. Sa kabila ng lahat ng ating tagumpay at kabiguan, alalahanin natin na ang tunay na gantimpala ay hindi sa Mundong ito, kundi sa kabilang-buhay.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid, inutusan tayo ni Allah na matakot tayo sa Kanya nang tunay na pagkatakot at huwag tayong mamatay maliban na tayo ay mga Muslim. Ang utos na ito ay isa ring paalalang napakahalaga at isang malaking hamon para sa atin ang manatiling Muslim hanggang wakas at manindigan sa katotohanan, lalo na sa panahon ngayon kung saan ang mali ay madalas itinuturing na tama.

Si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagpaalala:

"يَأْتِي عَلَى النَّاسِ زَمَانٌ الصَّابِرُ فِيهِمْ عَلَى دِينِهِ كَالْقَابِضِ عَلَى الْجَمْرِ." (رواه الترمذي)

*“Darating sa mga tao ang panahon na kung saan ang matiisin sa kanila sa (pagsunod) sa kanyang Relihiyon (Islam) ay katulad ng isang humahawak sa baga ng apoy.”* (Inulat ni Tirmidhi)

Sa kabila ng kahirapan at tukso, tayo ay tinatawag na maging matatag. Huwag nating isuko ang ating pananampalataya para lamang sa pansamantalang kaginhawaan o kasiyahan sa Mundong ito. Naiisip ba natin kung gaano kahalaga ang ating pananampalataya? Kung wala ito, ano pa ang matitira sa atin?

Huwag nating ipagwalang-bahala ang kahalagahan ng ating pamilya at komunidad. Bilang mga magulang at tagapagturo, tungkulin nating ipasa ang tamang kaalaman at gawain sa ating mga anak.

Sinabi ng Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"خَيْرُكُمْ خَيْرُكُمْ لِأَهْلِهِ." (رَوَاهُ التِّرْمِذِيُّ)

*“Ang pinakamabuti sa inyo ay ang siyang pinakamabuti sa kanyang pamilya.”* (Inulat ni At-Tirmidhi)

Ang pinakamabuting magagawa natin sa ating pamilya ay masiguro natin silang mananatili sa Islam hanggang wakas. Ang tamang pagsamba, ang tamang pag-uugali, at ang tamang kaalaman at pagkilala kay Allah ay dapat maging pundasyon ng kanilang buhay. Huwag natin silang hayaang mawala sa Mundo malibang sila ay mga Muslim. Ating pagsumikapan na makakasama natin ang ating mga pamilya sa Paraiso, sa ilalim ng Awa at Kaluguran ni Allah.

At bilang pagtatapos mga kapatid, tandaan na ang ating tagumpay ay nakasalalay sa ating pagsunod kay Allah at sa Kanyang Sugo. Tunay na ang tanging Relihiyong tanggap kay Allah ay ang ating Relihiyong Islam. Maging matatag tayo, manatili sa tamang landas, at nawa'y makamtan natin ang Paraiso sa Kanyang Awa. Patuloy tayong manalangin kay Allah na palakasin ang ating pananampalataya at gabayan tayo sa landas na Kanyang kinalulugdan. Ang gabay ay nasa Kanyang Kamay, kaya't hilingin natin sa Kanya na huwag tayong hayaang maligaw matapos Niya tayong bigyan ng patnubay. Nawa'y pagpalain tayo ni Allah sa bawat aspeto ng ating buhay at bigyan tayo ng pagkakataong makasama ang ating mga pamilya at ang mga taong may takot sa Kanya sa Paraiso na kung saan wala nang kalungkutan at pagdurusa. Allahumma Ameen.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***